**Lukad: An Online Journal of Pedagogy**
*Volume 2 Issue 2 (December 2022) 77 - 97*

# Makabayang Pedagohiya: Isang Pagdalumat

**Voltaire M. Villanueva**
Philippine Normal University
*villanueva.vm@pnu.edu.ph*

***Abstrak***

*Nakasalalay sa masining at makaagham na paraan ng pagtuturo na nakasandig sa pedagohiya ang ugat ng makakabayang pagtuturo. Sangkap nito ang nilalaman at pamamaraan upang makita ang masaya, mabunga, at mahalagang batayan ng pagkatuto ng pag-aaral. Mahalagang madalumat at malirip ang katangian, kahulugan, kahalagahan, at kaugnayan ng makabayang pedagohiya tungo sa pagbuo at pagtataguyod ng pedagohiyang tumutuon at tumatanaw sa kaligiran at kapakanan ng bayan. Sa pag-aaral, naging batayan upang dalumatin ang makabayang pedagohiya mula sa mga bagong kurso sa Filipino sa Pangkalahatang Edukasyon (General Education) mula sa hamon at panukala ng Komisyon sa Mataas na Edukasyon. Pinagtibay ng mga kurso ang mithiing magkaroon ng tiyak na pundasyong makabayang pedagohiya ang bawat magiging guro mula sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Isinakongkreto ang panukalang pananaw sa dinalumat na makabayang pedagohiya mula sa aktuwal na ugnayan ng guro at mag-aaral mula sa binuong batayang dokumento na kurikulum at silabus upang itampok ang tiyak na katangian ng makabayang pedagohiya. Ambag ng pananaliksik ang yugto kung paano magplano, bumuo, at magpatupad ng isang pamamaraan upang matugunan ang kahingiang panlipunan gamit ang pedagohiyang makabayan. Bukas sa pagpapaunlad ang pananaliksik mula sa nakitang ugnayang tugon ng mga kasangkot upang itaguyod ang makabayang pedagohiya sa loob at labas ng disiplinang/kursong Filipino sa iba't ibang antas at lawak ng pag-aaral*

**SUSING-SALITA:** kurikulum, makabayang pedagohiya, nasyonalismo, pedagohiya, silabus



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

**Panimula**

Batbat ang lipunan ng suliraning tumatagos sa iba't ibang isyu at problemang kultural, historikal, ekonomik, ekolohikal, at marami pang iba. Inaasahang matutugunan ng edukasyon bilang batayan ng mobilisasyon at transpormasyong panlipunan na may haplos-pedagohikal na naglalapat ng makabayang dulog o lapit gamit ang dapat, sapat, at lapat na nilalaman at paraan ng pagtuturo.

Ang makabayang pedagohiya ay tumutukoy sa itinataguyod na mithiin sa pangkalahatan ng makabayang edukasyon. Pinatunayan ni Prospero Covar (1991) na bawat nilalang ay taglay ang likas na pagiging makabayan sa kabuuan ng kaniyang pagkatao. Kung kaya't inaasahang madali itong malilinang kung tinutuhog ng isang kurikulum ang mithiing makalikha ng mga makabayang kabataang mag-aaral. Ang pagkamakabayang Pilipino ay isang pilosopiya ng sarili, naghahangad ng pambansang pag-unlad, at pagkakaroon ng matatag na pagkakakilanlan na makikinabang ang lahat upang protektahan ang sarili at panlipunang kapakanan (Sepeda, 2012). Samakatuwid, malaki ang gagampanang tungkulin ng kurikulum sa paghubog ng kamalayan ng guro at mag-aaral na sasandig sa prinsipyo ng makabayang pedagohiya. Kung kaya't ang makabayang pedagohiya ay mailalarawan sa pagitan ng kapangyarihang taglay nito at kasanayang litaw sa mga mag-aaral na makikita sa ugnayang nilalaman-pamamaraan ng mga guro at mag-aaral (Yu, 2005). Samakatuwid, sinasagot nito ang mga tanong kaugnay kung ano ang ituturo na kaugnay ng paksa at paano ituturo kaugnay ng paraan o pedagohiya sa pagtuturo.

Ang pagtuturo at pagkatuto sa prinsipyo ng makabayang pedagohiya ay makikita sa pagtatanong, pangkatang gawain, at iba't ibang teknik na ang bunga ng pagkatuto ay sumasalamin sa pagkilos para sa kapakanan o kaunlaran ng bayan (Villanueva, 2014). Sa pagtatanong, sentro ang tanong upang tugon ay litaw ang bayan. Sa mga pangkatang gawain, suliranin at solusyon sa kapakanan ng bayan ang tunguhin. Sa iba't ibang teknik gamit ang mga dulog sa pagtuturo nagiging konsepto ang batayang kaalaman sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon para bigyang-pansin ang espasyo ng bayan (Constantino, 1990). Sa ganitong pananaw, bunga ng makabayang pedagohiya ang pagtataguyod ng malikhain at inobatibo, kritikal na pag-iisip, at metakognisyon upang makatulong sa paglutas ng mga kakaharaping suliranin at pagbuo ng desisyon. Samakatuwid taglay ng kapangyarihan ng makabayang pedagohiya na mabago ang kamalayan at tahakin ng isang indibiduwal na maging kabalikat sa layuning mapaunlad ang kinabibilangang lipunan na taglay ang ugnayan ng kaakuhan, kamalayan, kalinangan, at kasaysayan. Ang kasanayan sa makabayang pedagohiya


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

ay katuwang upang mahasa ang bawat mag-aaral sa pakikipagtalastasan; panlipunang pananagutan sa usaping pangkapaligiran at kultural; kamalayang global; pagkamalikhain at pagiging inobatibo; malikhain at mapanuring pag-iisip sa paglutas at pagbuo ng mga pasya o desisyon; pakikiisa; kolaborasyon; pamumuno; panghabambuhay na pagkatuto at pamamahalang pansarili; at higit sa lahat ang kasanayang *digital* kaakibat ng manipulasyon ng makabagong teknolohiya (Fortunato, 1995). Ang mga kasanayang nailahad ay magagamit sa pagtugon ng mga mag-aaral gamit ang komunikatibong kasanayan (Liwanag, 2001). Sa mga temang natukoy na kasanayan palalakasin ng temang makabayan ang pagtatagpo ng mga kasanayan at kahusayan para maging kapangyarihan ng mga mag-aaral.

Kung kaya't pinagtatagpo ng ugnayang nilalaman-pamamaraan sa pagitan ng guro at mag-aaral ang ugnayang kapangyarihan-kasanayan na dapat mamalas sa pagdalumat sa makabayang pedagohiya na makikita sa Filipino General Education (Gen.Ed) sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila bilang lunsaran at konteksto ng makabayang pedagohiya. Samakatuwid, inihahanda ng makabayang pedagohiya ang magiging guro sa hinaharap ay makibahagi sa pagbabago ng lipunan at ang kanilang natutuhan ay muling ipapasa sa lilinanging mga kabataan sa ilalim ng kanilang pamamahala bilang mga gurong nagsusulong din ng makabayang pedagohiya.

**Tuong Tutugunan ng Pag-aaral**

Sinagot ng pag-aaral ang sumusunod na katanungan sa pamamagitan ng pagdalumat sa diskurso ng teksto at konteksto ng makabayang pedagohiya.

1. Ano ang makabayang pedagohiya?
2. Ano ang relasyon ng ugnayang nilalaman-pamaraan, guro-mag-aaral, at kasanayan-kapangyarihan sa makabayang pedagohiya?
3. Paano babalangkasin, bubuuin, at isasakatuparan ang makabayang pedagohiya?

**Konsepto at Konteksto ng Makabayang Pedagohiya sa Gen.Ed Filipino**

Ang makabayang pedagohiya ay ugnayan ng teorya at praktika sa triyanggulong pagtatagpo ng guro, mag-aaral, nilalaman, at pamamaraan (Nuncio, 2005). Makikita ang lahat ng mga ito sa komprehensibong layunin, proseso, at pamamaraan ng prosesong pedagohikal. Samakatuwid, ang makabayang pedagohiya ay inaasahang magiging daan upang mahasa ang kaisipan ng mga magiging guro na nakaugat sa diwang Makabayan. Dahil isa sa pokus ng makabayang pedagohiya ang konteksto ng karanasan sa ugnayan ng nilalaman at pamamaraan,



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

pinaniniwalaang ang bunga ng pagkatuto ng mga magiging guro ay nagmumula sa karanasan at bumabalik sa karanasan upang maging batayan ng pagtuturo-pagkatuto. Sa kabuoan, katangian ng makabayang pedagohiya ang pagkilala sa ating lahi, kultura, kasaysayan, maging mga katutubong pagpapahalaga at paniniwala na nakaugat sa ugnayang guro at mag-aaral, nilalaman at paraan ng pagtuturo, at kapangyarihan at kasanayan na bunga ng pagtuturo.

Ang Gen.Ed Filipino ang magiging lunsaran at teksto na pagdadaluyan ng panukalang makabayang pedagohiya. Mula sa tatlong kurso o siyam na yunit na binagong kurso batay sa programang pangwika at panitikan, palulutangin ang malalayuning itaguyod ang diwang makabayan. Sa pagsasakatuparan ng pagtataguyod at pagsusulong ng makabayang pedagohiya; maisasakatuparan ito gamit ang tatlong pangunahing salik na ugnayan: guro-mag-aaral, nilalaman-pamamaraan, at kapangyarihan-kasanayan.

**Ugnayang Guro-Mag-aaral, Nilalaman-Pamaraan, at Kapangyarihan-Kasanayan**

Sa makabayang pedagohiya ang ugnayang guro at mag-aaral ay esensiyal upang isakatuparan ang adhikaing ilapit sa isip at puso ng bawat isa ang bayan bilang bunga o kalalabasan ng kurso o programa. Magkatuwang ang guro at mag-aaral sa danas kaugnay ng makabayang pedagohiya. Kalaunan, ang guro at mag-aaral ay magkapantay mula sa pagpapasinaya sa mga batayang kaalaman hanggang sa pagpapalawak at pagpapalalim nito.

Sa makabayang pedagohiya ang ugnayang nilalaman at pamamaraan ang tugon sa mga tanong kung ano at paano dapat ituturo ang kurso o programa. Ang mga batayang kaalaman sa nilalaman na makikita sa aralin, konsepto, tema, o paksa ay mahalaga sa sa konteksto ng indihinisasyon, kontekstuwalisasyon, at lokalisasyon (Almario, 1990). Kadalasang nakapaloob sa kaakuhan, kalinangan, kultura, at kasaysayan ang mga lunsarang aralin na tatapatan ng makabago at inobatibong estratehiya na nagtatampok sa makabayang pedagohiya (Lumbera, 2000). Kung kaya't madaling umugnay ang bawat isa at maipasok ang konteksto ng sarili, pamilya, pamayanan, bayan, bansa, at daigdig. Ang nilalaman-pamamaraan ay hinubog ng dulog, teorya, estratehiya, teknik, at kagamitang sa pagtuturo, at iba pang konseptong pedagohikal.

Sa makabayang pedagohiya ang ugnayang kapangyarihan at kasanayan ang batayang pagmumulan ng pagpaplano, pagbuo, at pagpapatupad ng mga bunga ng pagkatuto (Mendoza, 2008). Bukod sa mga pinagtibay na pamantayan bilang tiyak na palatandaan at panukat sa mga tiyak na kasanayang nilinang, may kahingiang maipagpatuloy ito dulot ng hindi magmamaliw na pag-unawa sa naging daloy ng prosesong pedagohikal.


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

**Batayang Pag-aaral at Pananaliksik ng Makabayang Pedagohiya**

Ang makabayang pedagohiya ay mahalagang mahimay upang mapalutang ang pagdalumat nito sa konteksto ng makabayang edukasyong humaharap sa pagtanggap ng banyagang modelong kurikulum.

**Bayan Bilang Kaisipan**

Sa salitang "makabayan", ang panlaping "maka" ay nagiging panlaping makauri na nagsasaad ng katangiang isinasaad na salitang-ugat. Ibig sabihin, paglalarawan ng pagtatangi sa bayan o katumbas ng pagmamahal at pagpapahalaga sa bayan. Sentro sa salita ang salitang-ugat na bayan na may mayamang batayan ng pagpapakahulugan. Dinalumat ni Dr. Zeus Salazar (1991), isa sa nagsulong ng Bagong Kasaysayan at Pantayong Pananaw ang mga konseptong may kaugnayan sa pagbuo ng bansa. Ayon sa kanya, nagmula ang salitang ito sa "banua" bago naging "bayan," at kalaunan ay "bansa". Ang bawat bayan ay maituturing na estadong etniko na may payak at pinagyayamang sistema. Bawat estadong-bayan ay may katumbas na estadong etniko na tumatayo bilang liderato ng estado. Para kay Salazar, kanya-kanya o hindi pa lubusang naaabot ng Pilipinas ang antas ng kabansaan dahil sa ipinakilalang konseptong nasyon ng mga ilustrado (tulad ni Rizal) noong panahon ng mga Kastila. Ito ay siya na ring sanhi na nagpaudlot sa pag-unlad ng bansa. Ang ginawang paghahati-hati ng mga dayuhan ang dapat lagpasan ng mga Pilipino upang magkaisa at palakasin ang ating pagiging Pilipino. Para kay Jose Rizal, nakaugat sa patriotismo at nasyonalismo ang pagbuo ng nasyon o bayan. Nagkakaisa ang bayan dahil sa nararanasang pang-aabuso. Dito nagmumula ang pagsusulong ng mga sentimiyento mula sa nang-aagrabyadong mananakop. Nanguna si Rizal na ituwid ang mga maling pagtingin ng mga dayuhan sa mga Pilipino. Naging daan ito sa pagbuo ng pambansang identidad na may mataas na dignidad na nagpapahalaga sa bayan. Para kay Rizal, dapat walang kinikilalang talento o lahi ang estado dahil lahat ay may kakayahan na marapat lamang suportahan ng pamahalaan o estado (San Juan, 2013). Kung kaya't malaki ang ugnayan ng polisiyang pampamahalaan na tatagos sa kalakaran sa mga paaralan.

**Pedagohiya Bilang Kaisipan**

Katumbas ng pedagohiya ang agham at sining sa pagtuturo sa mga bata (*paideia*). Tinukoy ang pedagohiya bilang agham at sining sa pagtuturo upang matamo ang pagkatuto ng mag-aaral. Ang pedagohiya bilang agham at sining ng pagtuturo ay nakabatay sa simulain at prinsipyong nakaugat sa paglinang ng mag-aaral (Nuncio, 2004). Ang pedagohiya ang


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

nagbibigay sigla sa proseso ng edukasyon batay sa karanasan at kamalayan ng pagkatuto (Quito, 1985 at Mahaguay, 2013). Samakatuwid, malaki ang ugnayan ng karanasan ng pagkatuto sa agham at sining ng pagtuturo na tumutukoy sa pedagohiya sapagkat ito ang sandigan sa ugnayan ng guro at mag-aaral. Sa ugnayan ng guro at mag-aaral gamit ang pedagohiya, marapat na maging sentro ang makabayang pedagohiya. Sa pedagohiyang nakasentro sa pagiging makabayan, ang pagtuturo at pagkatuto sa kaakuhan, kamalayan, kalinangan, at kasaysayan ay magiging litaw ang pagpapahalaga sa bayan.

Kapag pinag-usapan ang pedagohiya sa aspektong pang-edukasyon, mahalaga ang naging papel ni Paolo Freire, isang edukador na mula sa Brazil at may akdang *Pedagogy of the Oppresed* (1984) *and Pedagogy of Liberation* (1975). Kaniyang binigyang-pansin ang maling pagtingin sa pagtuturo at pagkatuto mula sa pagtanggap at pagdedeposito ng kaalaman na nagmula sa mga nakatataas sa lipunan. Kaniyang ginamit ang konsepto ng politika na masasalamin sa sistema ng edukasyon. Para sa kaniya, ang guro at ang iba pang nagtataguyod ng edukasyon ay hindi makatatakas sa bahid ng politika kung saan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay hindi naging makabayan (Mabacquiao, 2007). Dahil ang sistema ng edukasyon ay mistulang pagbabangko na may katangiang marahas; hindi ito nagbibigay ng partisipasyon sa mga mag-aaral bilang paglalarawan ng kanilang kapangyarihan kung kaya't hindi nito natatamo ang mapagpalayang edukasyon na dapat maitampok sa pedagohiya bilang sining at agham ng pagtuturo. Upang ang marahas na sistema ay malagpasan, mahalaga ang diyalogo sa edukasyon. Sa diyalogo o pag-uusap nahuhubog ang kritikal na pananaw. Ang kritikal na pananaw bilang katangian ng kritikal na pedagohiya ay hindi lamang nakabatay sa lohika. Nakaugat ito sa pagtingin at pananaw sa kalagayang panlipunan na hinahanapan at ginagawan ng karampatang tugon ng guro at mag-aaral bilang produkto ng usapan o diyalogo sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Samakatuwid, ang talagang tinutumbok o pinahahalagahan ng edukasyong iniluwal ng makabayang pedagohiya ay ang pananaw sa malawakang nangyayari sa lipunan. Sa pagpapanibago ng pananaw, unti-unting aalisin ang pagtingin na ang guro ang tagapag-impok ng kaalaman sa mga mag-aaral. Sa ganitong pangitain, ang mga mag-aaral ay nananatiling tagatanggap lamang ng karunungan. Sa makabayang pedagohiya, binibigyan ng kapangyarihan ang mga mag-aaral na maging aktibong kabahagi sa pagtuklas ng katotohanang nakaugat sa reyalidad. Kung kaya't sa ganitong sitwasyon, isinusulong ni Freire (1975: 3 at 132) ang mapagpalayang edukasyon para sa mag-aaral. Mangyayari lamang ito kung bibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na ilantad ang iba't ibang suliraning panlipunan at linangin at hikayatin silang maghain ng mga tiyak na alternatibo at solusyon. Sa makabayang pedagohiya, itatampok ang iba't ibang suliranin na matutukoy mismo ng mga magiging guro at mula sa



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

nabatid na problema ay kinakailangang lapatan ng katugunan na makikita sa iba't ibang anyo ng bunga ng pagkatuto o pagganap. Kung kaya't malinaw sa pananaw ni Freire na ang binabago ng edukasyon ay ang pananaw ng mag-aaral sa sitwasyong ang tunay na mga problema ay nakaugat sa tunay na buhay at lipunan na pagbabatayan ng pagkatuto. Para kay Freire:

> ***There is nothing more compelling than the facts of real life. For me, the primary goal is for theory to embrace everyday living.***

Ang makabayang pedagohiya bilang alternatibong pananaw na kakasangkapanin sa paglaban sa banta ng globalisasyon na lantarang inihahain ng neoliberalisasyon ay magiging matatag at matibay na muog ng magiging guro upang tuwirang maging tagapagtaguyod ng mapagpalayang edukasyon. Ang mga natukoy na suliranin sa proseso ng ugnayang pedagohikal ng guro at mag-aaral ang panghahawakan ng guro sa hinaharap na bigyang katugunan. Ang tugong tinutukoy ay ang pag-asam na kasunod sa pagpapanibago ng pananaw ay ang pagtatamasa ng pag-unlad. Ang kaunlaran para kay Freire ay hindi ang tuwiran o ang tuwirang pagbabago ng lipunan, kundi ang kaunlaran na hangad ng edukasyon ay ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makibahagi sa pagtuklas ng katotohanan upang mabago ang kanilang pananaw ( Freire and Shor, 1987: 3 sa banggit ni Mahaguay, 2013: 84).

Sa pagsasangkapan ng makabayang pedagohiya, hindi malalayong matumbok nito ang inilahad ni Antonio Torralba (2002) sa kanyang "*Excellence of Pedagogy, Pedagogy of Excellence: Towards Excellent Teachers Teaching Excellence*" na matatamo ang kahusayan sa pagtuturo at pagkatututo kung ang guro bilang tagapagpadaloy ng karunungan ay nakapagpapamalas ng pag-unawa sa larangang itinuturo upang ang mag-aaral ay lubos ding makaunawa sa ambag ng larangan sa pag-unlad. Kung kaya't ang guro ay marapat na makakapagpakita ng kahusayan mula sa pagpaplano hanggang sa pagpapatupad ng iba't ibang gawain na makikita sa banghay-aralin, silabus, at iba't ibang kagamitang pampagtuturo. Maituturing ding nagsusulong ng kahusayan ang tagapagpadaloy ng karunungan sa pamamagitan ng pagpapanukala at paghahanda ng mga lunsarang babasahin na pag-iikutan ng pagtalakay sa isang tiyak na aralin. Ang pagtuturo ng kahusayan sa aspektong pedagohikal ay masasalamin din sa kahusayan ng mga mag-aaral. Para kay Torralba:



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

> ***Excellence in study or pedagogy in excellence can be seen from the perspective of how the student learns the subject excellently or from the perspective of how the teacher teaches excellence.***

Ang makabayang pedagohiya ay nagtataguyod ng kahusayan sa pamantayang pangnilalaman at pangkasanayan. Maisasakatuparan ang kahusayan sa pamamagitan din ng kahusayan sa ugnayan ng guro, mag-aaral, at pamamaraang nakasandig sa makabayang pedagohiya na ang nilalaman na pagmumulan ng kahusayan ay nakasalalay sa malalim at malawak na pananaw at pag-unawa sa kaakuhan, kamalayan, kalinangan, at kasaysayan ng lipunang Pilipino.

**Makabayang Guro at Pagtataguyod ng Makabayang Pedagohiya**

Ang epektibong pagtuturo at pagkatuto gamit ang makabayang pedagohiya ay nakasalalay sa malikhain at siyentipikong proseso. Ayon kay Belvez (2000); bilang guro na nagtataguyod ng paghubog sa makabayang guro sa hinaharap, maituturing na manggagawa at alagad ng sining at agham ang bawat guro higit lalo ang gurong nagtataguyod ng makabayang pedagohiya. Magkatuwang ang mga disiplinang ito sa pagpapabisa, pagpapalakas, at pagsasakabuluhan ng proseso ng pagtuturo at pagkatututo. Ayon kay Belvez, nagiging masining dahil sa kaugnay na pagkamalikhain at agham dahil may pinag-uugatang prinsipyo na isinasagawa sa sistematikong paraan. Isang tiyak na proseso ang ipinakita ni Villamin (na kay Belvez, 2000 ) na nagpapakita ng siyentipikong paraan ng pagtututo na nakabatay sa "Anim na Hakbang sa Siklo ng Pagtuturo." Nakapaloob sa siklo ang: 1) pagsusuri sa kakayahan, kawilihan, pangangailangan ng mga mag-aaral upang makabuo ng layuning makatutugon sa tinukoy na mga pangangailangan, 2) pagpili ng nararapat na kagamitang angkop sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral, 3) paghahanda ng mga pagkatutong sitwasyunal at pagpili ng nararapat na istratehiya sa pagtuturo na tutulong sa pagtatamo ng mga layunin at tunguhin, 4) paghahanda ng mga yunit instruksyunal at banghay-aralin kung saan inilalahad ang layunin at teknik na pagmumulan na mapagsasanggunian sa oras ng pagtuturo, 5) pagganyak sa mag-aaral sa aktibong pakikilahok sa mga gawain na magiging patnubay sa proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng epektibong mekanismo ng pagbibigay ng *feedback*, at 6) ebalwasyon sa magiging pagganap o produkto ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Samakatuwid, malinaw na maigting ang ugnayan ng hakbang ng pagtuturo sa mga salik ng epektibong pagtuturo at pagkatututo mula sa layunin, mag-aaral, paksa, guro, kagamitan, at kaligiran ng paaralan sa pagpili, implementasyon, at pagtataya sa sining at agham na batayan ng pagtuturo



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

at pagkatututo sa myutwal na ugnayan at unawaan ng guro at mag-aaral bilang katangian ng prosesong pedagohikal tampok ang makabayang pedagohiya.

Marami ng mga pag-aaral at pananaliksik ukol sa umiiral at umuusbong na inobasyong pangsilid-aralan na layuning hikayatin ang mga mag-aaral upang matuto. Bawat guro ay tumutugon sa panawagang ito upang mapasigla at mapabunga ang paraan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto gamit ang ugnayan ng nilalaman, kasanayan, at pagpapahalaga na pinagtatagpo ng guro at mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan (Tomlinson, 1999). Subalit, mainam na maging bahagi ng inobasyon sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto ang pagsasa-alang-alang ng mga inobatibong gawain upang makalinang ng mga makabayang mag-aaral na nakaugat sa makabayang pedagohiya. Nakaangkla ang iba't ibang inobasyong ginagamit at batayan ng guro sa kasiningan at kaaghaman ng gagawing pagtuturo ang tatlong pangunahing kategorya ng pagtuturo. Ang mga kategorya ay ang: 1) Pakikinig at Pagsasalita na nakapailalaim ang mga iba't ibang gawain tulad ng lektyur, talakayan at balitaktakan, tanong-sagot, pagbibigay/pagsunod sa panuto, pangkatang malayang talakayan, 2) Pagbasa at Pagsulat na ginagamit ang pamamaraang paglutas ng suliranin gamit ang pagsagot sa mga batayan at sanayang aklat, pinalatuntunang pagtuturo, at pagtuturong *individualized,* 3) Pagmamasid at Pagsasagawa na kinapalolooban ng pamaraang pabalak gaya ng lakbay- aral, pakitang- gawa, at *hands-on* o mga gawaing panlaboratoryo. Sa mga nabanggit na iba't ibang hati o pamamaraan ng pagtuturo, mainam kung ang iba't ibang natukoy na inobasyon sa pagtuturo ay sangkapan ng makabayang pedagohiya.

Isang huwarang guro ang kailangan sa nagbabagong kurikulum tugon sa mapanghamong panahon kaugnay ng globalisasyon. Kailangang ang guro ay mapagkakatiwalaang tagapamahala sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto na nakaugat sa makabayang pananaw. Ang isang makabayang guro ay marunong gumabay sa mag-aaral upang maging aktibo sa gawaing pampagkatuto tungo sa kapakinabangang pansibiko at panlipunan. Sa ugnayan at kolaboratibong karanasang nalilikha niya, naiiwasan ang mga mag-aaral na maghintay lamang sa mga isusubong kaalaman o impormasyon. Taglay niya ang kaalaman sa aralin habang bukas sa iba pang bagong kaalaman sa kaniyang larangan. Nagbabahagi siya ng kaalaman at karanasan na kalauna'y mapapasama sa iniimpok na kasanayan at kahusayan upang mapakanibangan ng lipunan. Taglay ng makabayang guro na nakabatay sa makabayang pedagohiya ang katangiang intelektuwal, emosyunal, sosyal, ekonomiko, at pisikal. Sa pamamagitan ng makabayang pedagohiya matutupad ang mithiing makahubog ng buo at ganap na mag-aaral.


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

**Konsepto at Konteksto ng Makabayang Pedahohiya sa Pangkalahatang Edukasyon-Filipino sa PNU**

Ang silabus ng mga umiiral na kurso sa Gen.Ed Filipino sa konteksto ng PNU ang batayan ng pagtataguyod ng edukasyong mapagpalaya, siyentipiko, at makamasa batay sa lente ng makabayang edukasyon. Ang makabayang pedagohiya sa ugnayang nilalaman-kasanayan, partisipasyon, at iba pang batayan ay pinagtibay ng mga kasagutan ng mga kalahok mula sa sarbey at panayam. Pangunahing nilapatan ng diskurso ang deskripsiyon ng kurso at iba pang mga bahagi ng silabus na ang nilalaman ay nakakiling sa konteksto ng mga paksa, tema, at nilalamang nilapatan ng angkop na estratehiya, gawain, teknik, at pagsasanay.

**Talahanayan 1.** Paglalarawan sa Makabayang Pedagohiya Kaugnay ng mga Kurso sa Gen.Ed Fil.

| **Kurso** | **Deskripsiyon ng Kurso** |
|---|---|
| Gen.Ed Fil-01 Filipinolohiya Sa Iba't Ibang Espesyalisasyon | Nakatuon ang kurso sa pagtanaw sa Filipino bilang isang larangan na pagmumulan ng mayamang karunungan. Ang karunungang hatid ng Filipinolohiya bilang larangan ay nagtatampok sa maigting na ugnayan ng kaisipan, kalinangan, at lipunang Pilipino. Tampok sa kurso ang iba't ibang kaalaman sa nagpapamalas sa kabuoang estruktura ng Pilipino mula sa iba't ibang teksto tulad ng mga makabago at napapanahong babasahin at mga elektronikong sanggunian. Magiging kasangkapan ng pagsasakatuparan ng kurso ang interdisiplinaryong paraan upang magkaroon ng mataas na diskurso sa larangan ng Filipino mula sa pagtawid sa disiplinang Sikolohiya, Pilosopiya, at Agham Panlipunan. Sa tulong ng Filipinolohiya, magiging malinaw para sa mga mag-aaral ang kaakuhan (*identity*), kamalayan *(awareness)*, kalinangan o kultura, at kasaysayan ng lahi at liping Pilipino.<br>Tatayahin ang mga mag-aaral mula sa produkto at pamantayang pagganap mula sa iba't ibang gawain at pangangailangang pangkurso. Ang mga napapanahong produkto tulad ng dokyu-vidyo at suri-sipat sa mga pinakasampung nangungunang pahiwatig ng pagka-Pilipino mula sa pagkain, gawain, at iba ang pagbabatayan ng malalim na pagdalumat sa teksto at konteksto ng kurso. |



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

| | |
|---|---|
| Gen.Ed Fil-02 Midya at Teknolohiya | Ang kurso ay tumatalakay sa maigting na ugnayan ng midya at teknolohiya. Magiging hanguan at daluyan ang dalawang domeyn sa pagdalumat sa penomenang panlipunan. Mula sa mabubuong pagpapakahulugan mula sa iba't ibang inobatibong gawain, mahihinuha ang katangian, kahalagahan, at kaugnayan ng midya at teknolohiya sa nakalipas, kasalukuyan, at sa hinaharap. Tatayahin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang produktong naging kasangkapan ay ang paglalapat ng midya at teknolohiya upang maisapraktika ang lahat ng natutuhan. |
| Gen.Ed Fil-03 Sosyedad at Literatura | Ang kurso ay nakatuon sa pagtalakay, pagsusuri at paglikha ng Literaturang Pilipino na naglalarawan ng sosyedad at pumapaksa sa mga isyung makabuhan, upang higit na mapahalagahan ng mag-aaral ang kanilang pagkatao at ang kultura at kasaysayan ng ating bansa. Bibigyang pansin ang pag-aaral sa mga akdang tungkol sa karapatang pantao, usaping pangkasarian, kalagayan ng mga manggagawa at magsasaka, sitwasyon ng mga Lumad at katutubo, panitikan kaugnay ng diaspora, epekto ng globalisasyon at iba pa. Batay sa mga natutuhan ay inaasahang makabubuo rin ang mga mag-aaral ng mga mga akdang pampanitikan na sumasalamin sa kalagayan ng lipunan gamit ang multi-media na mamarkahan batay sa naitakdang rubric. |

Ang tagumpay ng *Commission in Higher Education* (CHED) na alisin ang Gen.Ed Filipino at ibigay ang kaniya-kaniyang kakayahan ng mga kolehiyo at unibersidad na panatilihin ang mga kurso sa Filipino sa Gen.Ed ang nag-udyok sa Pamantasang Normal ng Pilipinas na bumuo ng mga kursong tutugon sa hamon ng kaibahan at pekulyaridad na tutugon sa hamon ng pagbuo at paglinang ng makabayang pananaw gamit ang mga nilikhang kurso. Ang programang inihahain ng larangan ng Filipino na makikita sa Pangkalahatang Edukasyo na binubuo ng tatlong kurso o siyam na yunit bilang larangang nakaangkla sa domeyn ng pagpapalaganap ng sining at wika ay masinsing tumutugon sa pamamagitan ng sistematiko at empirikal na pagsunod sa itinatadhana ng batas at global na mga pamantayang pang-edukasyon. Ang iba't ibang pinagyamang kurso ay nagsusulong sa pagtatampok ng paglinang ng mga mag-aaral na magiging guro ng bayan sa hinaharap na nagpapamalas ng ika-21 siglong kasanayan at pagkatuto. Ang batayang kaalaman mula sa nilalaman at pagsasanay ay lumilinang sa kasanayan sa komunikasyon, kolaborasyon, kritikal na pag-iisip,


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

kasiningan at pagkamalikhain na pangunahing kailangan sa paglikha ng mga mag-aaral sa mundo ng paggawa o karera. Ang mga bagong kurso sa ilalim ng yunit ng Filipino sa ilalim ng Fakulti ng mga Sining at Wika sa Pamantasang Normal ng Pilipinas ay pagtugon sa Komisyon ng Mataas na Edukasyon na iangat ang mga kurso, asignatura, o aralin sa disiplinang Filipino na ibinaba sa antas Senior High School sa pamamagitan ng pagpapatingkad ng diwang makabayan.

Malaki ang gampanin ng programa upang tugunan ang kahingian ng sistema ng edukasyon na lumikha ng mga gurong may malalim na kaalamang pangnilalaman na pinagtibay ng kahusayang pedagohikal. Ang mga magsisipagtapos sa programang ito ay tintitiyak na malalim at malawak ang kabatirang pangnilalaman upang maging inobatibong guro, mananaliksik, at pinuno sa larangan ng edukasyon.

**Talahanayan 2.** Kalalabasan ng Programa sa Tatlong Kurso ng Ge.Ed. Filipino

| | |
|---|---|
| **Mga Kalalabasan ng Programa** | 1. Matukoy ang holistikong ugnayan ng midya at teknolohiya bilang penomenong panlipunan.<br>2. Mailarawan ang pangkalahatang pag-unlad at naging ambag ng midya at teknolohiya na pagbabago sa iba't ibang yugto ng panahon sa mundo at sa Pilipinas.<br>3. Maikita ang pangkalahatang praktikal na gamit ng midya at teknolohiya sa pang-araw-araw na buhay at edukasyon ng mga tao.<br>4. Magamit ang midya at teknolohiya sa praktikal at epektibong suportang pedagohikal sa edukasyon.<br>5. Magamit ang midya at teknolohiya sa pagbubuo ng alternatibo at inobatibong mga istratehiya/metodo at kagamitang pampagtuturo at *output* sa aktuwal na pagtuturo at pagkakatuto sa bagong kadawyan.<br>6. Natutukoy ang pundamental na ambag ng midya at teknolohiya sa radikal na mga pagbabago at pagpapaunlad ng ating lipunan at ang implikasyon ng mga ito sa pagkatuto at pagkataong Pilipino. |
| **Tema ng Kasarian** | 1. Pantay na gamit ng wika sa pakikipagtalastasan<br>2. Pagkakakilanlan ng kasarian<br>3. Tungkuling Pangkasarian<br>4. Paglalarawan ng kasarian sa midya, sining, at literatura<br>5. Pagkakapantay-pantay ng kasarian sa bawat larang<br>6. Pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral |


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

Ang kahusayan sa batayang kaalamang pedagohikal ang susi sa paglinang ng mga guro ng bayan sa wika, panitikan, at bayan na maging makabayan. Pinagtibay pa ng bunga ng pagkatuto ang ingklusyon sa mga isyung panlipunan tulad ng aspektong pangkasarian upang lalong isulong ang malawak, malalim, at mapagpalayang makabayang edukasyon. Malaki ang gampanin ng batayang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral na hinubog ng iba't ibang kurso at programa upang palalimin ang konsepto at konteksto ng pagkamakabayan. Ang bunga ng pagkatuto sa bawat kurso ay nakaugat ang pagsasapraktika ng iba't ibang teorya sa mga batayang pangnilalaman na nilapatan ng iba't ibang pamaraan upang ilapat sa hamon ng mundo ng pagtuturo na may haplos at dulog makabayan.

**Talahanayan 3.** Halimbawang Ugnayang Guro-Mag-aaral sa Gawain at Pagsasanay

| Kurso | Paksa | Gawaing Guro at Mag-aaral |
|---|---|---|
| **Filipinolohiya** | WIKA: Kahulugan at Gamit Konseptong Pangwika<br>• gramatika<br>• sosyolingguwistika<br>• jargon, register, slang | ***tagapag-ambag**<br>-ang guro at mag-aaral ay mag-aambag ng tiyak na paraan upang mapagyaman ang wika sa paraang "AMBAGAN" at "SAWIKAAN" |
| **Midya at Teknolohiya** | Midya at Teknolohiya sa Iba't Ibang Yugto ng Kasaysayan ng Pilipinas | ***tagalikha**<br>-magkatuwang ang guro at mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik ng bawat pangkat para **JUANSAPANATAYM** (*video presentation*) |
| **Sosyedad at Literatura** | Depinisyon ng Panitikan<br><br>Ang Papel ng Panitikan sa Pagbubuo ng Panggurong Ideolohiya | ***tagapagtaguyod**<br>**-**ang guro ang magpapasinaya sa adbokasiyang itinataguyod sa paglikha ng sariling mga akda kadikit ng kaganapang panlipunan na agad susundan at tutugunan ng mga mag-aaral |


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

Ang bawat isa ay aktibong kalahok sa pagtatamo ng makabayang pedagohiya na makikita sa tiyak na gampanin ng guro at mag-aaral na kasangkot sa prosesong pedagohikal. Mahalagang makita na bagama't laging tinutukoy sa tradisyonal na pagtanaw na ang bunga ay produkto, nakapaloob sa gawaing magpapamalas ng produkto ang mga tiyak na kalalabasan ng kurso at programa sa anyong kaalaman, kasanayan, etika, at pagpapahalagaga. Ang tungkulin at gampanin ng bawat isa ay patungo sa mithiing luminang ng mga makabayang guro na dadaan din sa siklo ng paghubog sa mga makabayang mag-aaral.

**Talahanayan 4: Ugnayang Nilalaman-Pamaraan sa Gawain at Pagsasanay**

<table>
<tr><th>Kurso</th><th>Mahalagang Halimbawang Tanong</th><th>Gawaing Guro at Mag-aaral</th></tr>
<tr><td>Filipinolohiya</td><td>1. Bakit mahalagang matukoy ang iba't ibang konsepto sa likod ng wika?<br>2. Paano nakatutulong ang wika sa ugnayang panlipunan?<br>3. Paano magiging mabisa ang pagpapaunawa ng mga salita, idea, at kaisipan kaugnay ng wika?</td><td>Pagbabasa ng ipadadalang ng "Ano ang Ambag Mo sa Wikang Filipino" ni Virgilio Almario tungo sa pag-aambag ng salita mula sa pinagmulang etnolingguwistikong pangkat at salitang mahalagang dapat unawain sa kasalukuyang panahon?<br><br>Pagbuo ng panimulang ambag mula sa salita ng bayang pinagmulan at ambag na salita ng makabagong panahon. Magiging gabay ang sumusunod:<br><table><tr><td>AMBAGAN</td><td>SAWIKAAN</td></tr><tr><td>salita ng bayan</td><td>salita sa pandemya</td></tr><tr><td>*daluyong</td><td>*ayuda</td></tr></table></td></tr>
</table>



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

| | | |
|---|---|---|
| | | **R** \| **I** <br> **E** \| **A** <br> *reyalisasyon-napagtibay na kaaalaman <br><br> *implikasyon-kaugnayan ng salita sa kaisipan, lipunan, at kaisipang Pilipino |
| **Midya at Teknolohiya** | 1. Bakit mahalagang mailarawan ang pag-unlad ng midya at teknolohiya sa kasaysayan ng Pilipinas? <br> 2. Ano ang naging epekto at impluwensiya ng midya at teknolohiya sa Pilipinas? <br> 3. Ano ang implikasyon nito kasalukuyang panahon bilang masugid na taga-angkat ng mga ito? | Pagbabasa ng artikulo tungkol sa umiral na uri ng midya at teknolohiya sa panahon ng Amerikano, Hapon at Kontemporanyong panahon. <br><br> Pagbabasa ng artikulo hinggil sa mga paksang tatalakayin sa susunod na linggo. |
| **Sosyedad at Literatura** | 1. Bakit dapat umabot sa yugto ng pagsusuri ang | Pagpapabasa ng kahalagahan ng Panunuring Pampanitikan sa artikulong **"Ang Kritika sa Panahon ng Krisis**" ni E. San Juan sa https://ejournals.ph/article.php?id=10630 |



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

| | | |
|---|---|---|
| | isang akdang pampanitikan?<br>2. Paano magagamit ang naabot ng pagsusuri sa kapakinabangang panlipunan?<br>3. Paano malilinang ang pasusuri lampas sa teoryang pampanitikan? | Ipaliwanag kung bakit sinabi ng may akda na "ang pag-asa ay nasa kritika".<br><br>Pagpapanood rin ng sumusunod:<br><br>"Quarantine" ni Joel Costa Malabanan sa https://www.youtube.com/watch?v=ywaG-HuoszM<br><br>"Babangon Tayo" ng Concerned Artists of the Philippines (CAP) sa https://www.youtube.com/watch?v=BdOsDkdqN68 |

Sa ugnayang nilalaman at pamamaraan, malaki ang gampanin ng mahalaga o esensiyal na mga katanungan upang magbigay ng tuon at direksyon sa bunga o kalalabasan ng pagkatuto sa bawat sesyon ng kurso. Bukod sa mga pampukaw na tanong na pagbabatayan ng lalim at lawak ng aralin na patungo sa konteksto ng pagtalakay sa lipunang Pilipino, pinagtitibay ito ng makabayang nilalaman at pamamaraan na kadikit ng karanasan ng bawat mag-aaral na kalahok sa gawaing pedagohikal. Sa ganitong paraan, nagiging matibay ang ugnayang pagtuturo at pagkatuto na binigkis ng makabayang dulog.

**Talahanayan 5.** Ugnayang Kasanayan-Kapangyarihan sa Gawain at Pagsasanay

| Kurso | KASANAYAN | KAPANGYARIHAN |
|---|---|---|
| **Filipinolohiya** | Pagsusuri sa gamit ng wika sa pagtalakay ng ugnayang kaisipan, lipunan, at kultura<br><br>Pag-uugnay ng mga tiyak na wikang umusbong sa panahong ng pandemya sa ugnayang kaisipan, lipunan, at kultura | Pagbuo ng "SAMPUNG PINAKA: Dokyu-Bidyo ng Pagkakakilanlang Pilipino"<br>• Naglalaman ng adbokasiya sa anyong paglalahad, paglalarawan, at pagsasalaysay ng |



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

| | | |
|---|---|---|
| | | pagiging lipi at lahing Pili at Pino. |
| **Midya at Teknolohiya** | Pagsusuri sa gamit ng teknolohiya at midya sa pagtalakay ng iba't ibang aspektong panlipunan.<br><br>Pagtalunton sa gampanin ng midya at teknolohiya sa paghubog ng pangkalagayang pambansa noon ngayon, at sa hinaharap. | Pagbuo ng OPLAN TIKTOKHANG: ISANG IMPORMATIBONG PARODYANG BIDYO<br>● Naglalaman ng iba't ibang isyung panlipunan upang maglahad at magmulat gamit ang iba't ibang elementong teknolohikal. |
| **Sosyedad at Literatura** | Pagsusuri sa iba't ibang akdang pampanitikan tungo sa pag-uugnay sa iba't ibang penomenang panlipunan.<br><br>Paglinang ng kamalayang mapagmatyag mula sa iba't ibang anyong panitikan na nilapatan ng makabayang anyo ng pagsusuri. | Pagbuo ng LITFOLIO: Kalipunang Pampanitikan sa Anyong Limbag at Digital<br>● Naglalaman ng mga orihinal na akdang nagsusulong ng makabayang pagkilos para sa minimithing kaunlaran. |

Ang ugnayang kasanayan at kapangyarihan ay tinutupad ng layunin at paglalapat sa bawat aralin na sakop ng kurso. Ang makapangyarihang pagkilos na makikita sa paglalapat at pagsasapraktika ng mga natutuhan na inaasahang ipagpatuloy na gawin sa pang-araw-araw at sa naghihintay na hamon bilang guro ng kinabukasan ang batayan sa paglikha ng mga halimbawang pagsasanay at gawaing naglalantad sa mga tiyak na pagkilos mula sa mga adbokasiyang panlipunan. Makapangyarihan ang isang gawaing pedagohikal kung hinulma ito ng plano at lohikal na isinagawa ang mga tiyak na hakbang sa pagtuturo upang matiyak na matatamo ang pagkatuto.


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

**Pangwakas: Hamon at Tugon ng Makabayang Pedagohiya**

Ang mithiin ng kurikulum sa Gen.Ed Filipino ay nakaugnay sa tunguhing nais matamo ng paaralan mula sa itinakda at inaasahang mga layunin. Ang Gen-Ed Filipino ay tumutugon sa pangkalahatang mandato na kolektibong paglikha ng mga kursong nakapaloob sa paghubog ng mga kabataang Pilipinong inihahanda sa mundo ng paggawa. Ang Gen.Ed Filipino sa konteksto ng PNU ay isa lamang sa paraan upang patibayin ang mga mag-aaral sa batayang nilalaman na pinagtibay ng mga kasanayan upang maging makapangyarihang nagmamahal at nagpapahalaga sa bayan. Mabibigyang- katuwiran ang itinataguyod na makabayang pedagohiya sa kurikulum sa konteksto ng lipunang Pilipino gamit ang mga inobatibong kagamitang pampagtuturo na lapat at sapat sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Upang matiyak ang masteri sa mga natutuhan ng bunga ng produkto o pagganap, pinag-uugnay ang iskima o dating kaalaman at kasanayan na mahalagang nakaugat sa pang-araw-araw na karanasan, isyu, o suliraning naoobserbahan o nasasaksihan ng mga mag-aaral. Sa ganitong pamamaraan madaling mahanapan ito ng katugunan o solusyon na nagmula sa kanilang karanasan.

Taglay ng makabayang pedagohiya bilang prosesong masasandigan ng guro sa pagpapalawak ng kabatiran ng mga mag-aaral ang kaalaman, kasanayan, at kapangyarihang alay para sa bayan. Sinasagot ng makabayang pedagohiya ang humihinang kabatiran sa nasyonalismo upang labanan ang hamon ng globalisasyon at neo liberalisasyon. Nakapaloob sa makabayang pedagohiya na hubugin ang mga magiging guro na ilapat ang talas at talab ng mga makabago at inobatibong estratehiya bilang sandata sa banta ng globalisasyon. Mahalagang ang paaralan partiular ang mga institusyong pangguro bilang institusyong nagsisilbing pandayan at hulmahan ng pagkatao ang magsulong ng makabayang pedagohiya. Malaki ang papel na gampanin ng isang inobatibong guro upang bigyang-pagpapakahulugan ang makabayang pedagohiya sa pamamagitan ng makabayang pamamaraan ng pagtuturo bilang pagharap at pagpaplanong masawata ang hamong hatid ng globalisasyon. Kinakailangang magmula ang paglinang ng kamalayang makabayan na magiging sandata ng inobatibong guro sa tulong ng kurikulum na ang pangunahing batayan ay nakasalig sa adhikain, nilalaman, pamamaraan, at iba pang salik na ang pangkalahatang adhikain ay mapatatag ang kamalayang lokal sa hamon ng kalakarang global. Sa ganitong perspektiba maipapamalas ang katangiang pagkamakabayan ng guro na tatagos sa mag-aaral.

Itinataguyod at isinasabuhay ng makabayang peadgohiya ang pagpapanibagong diwa ng magiging guro sa hinaharap. Iwawaksi ng makabayang pedagohiya ang panginginon sa mga


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

dayuhan na bahid na katangian ng neoliberalisasyon sa edukasyong dulot ng globalisasyon. Nakasandig ang makabayang pedagohiyasa ugnayan at talaban ng nilalaman at pamamaraan sa prosesong pedagohikal na ilalapat ng isang makabayang guro. Sa kabuuan, taglay na katangian ng makabayang pedagohiya ang pedagohiyang nakaugat sa edukasyong maka-Pilipino para sa mga Pilipino.

Sa konteksto ng Gen.Ed Filipino, marapat na lalong mapalakas, mapagtibay, at maipag-ibayo ang Filipino lampas sa tradisyunal na pagturing dito bilang batayan lamang ng kaalaman ng kasanayan sa wika at panitikan. Ang pagpapalakas sa Filipino ay marapat na makita bilang daluyan ng intelektuwal o matalinong diskursong panlipunan na ang kinasangkapan ay ang pagpapatatag at pagpapatibay ng kaakuhan, kamalayan, kalinangan at kasaysayan ng lipunang Pilipino. Nasa kapangyarihan ng mga gurong magtataguyod ng bawat disiplina na ikonteksto ang ika-21 siglong edukasyon para ilapat ang pagmamahal sa kamalayang lokal upang maging handa at malakas sa kalakarang global. Ang glokalisasyon ang mainam na yakaping ideolohiya na nakapaloob sa mga babasahin at angkop at praktikal na gawaing pampagkatuto.

Kung makikita ang kahinaan at kakulangan sa teoretikal na balangkas at silabus ng kasalukuyang pag-aaral, mas marapat pang patatagin ang kahingian ng silabus na ang tuon ay ang nababagay na kasanayan at kakayahan upang matiyak ang kahusayan ng mga magiging guro sa hinaharap. Marapat na ang kasanayan at kakayahang hatid ng Filipino bilang larangan ay maunawaang tulay upang mas matiyak ang pag-unlad ng kahusayan sa iba't iba pang mahahalagang domeyn o larangan. Ang kakayahan at kasanayan patungo sa kahusayan ay dapat maging tulay upang matiyak na ang gurong magtatapos sa Pamantasang Normal ng Pilipinas ay mapagnilay at matugunin batay sa pangangailangang panlipunan. Upang ito ay bigyang-katuparan, mahalaga ang ugnayan ng iba't ibang guro sa pamamagitan ng bahagihan ng mga nilalaman at epektibong pamamaraan mula sa yunit ng Filipino at iba't ibang larangan gamit ang talakayan, palihan, at interdisiplinaryong at kolaboratibong pananaliksik. Sa ganitong pamamaraan, mag-uumpisa ang pagtingin at pagpapanumbalik ng sigla ng Filipino sa pamantasan bilang batis ng matalinong talakayan at diskurso.

Sa pangkalahatan, ang tagumpay ng pagtataguyod ng makabayang pedagohiya ay lalawak at lalalim kung ito rin ay itataguyod at matiyagang susubaybayan ng pamunuan ng pamantasan. Kung ang pedagohiyang makabayan ay palalakasin sa pamantasan gamit ang tuwirang adbokasiyang makabayang nakapaloob sa bagong Gen.Ed Filipino, tiyak lalakas ang


© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

kaalaman, kasanayan, at kapangyarihang makabayan ng mga gurong pag-asa ng mga pag-asa ng bayan.

**SANGGUNIAN**

Almario, V. S. (1990). *Bantayog: "Mga piling sanaysay sa wika at panitikan".* Lungsod ng Quezon: Phoenix Publishing House.

Constantino, P. C. (1996). *"Wika, nasyonalismo, at ideolohiya: mga piling diskurso sa wika at lipunan".* Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, Diliman.

Fortunato, T. F. at Valdez, E. S. (1995). *"Pulitika ng wika"*. De La Salle University Press. Maynila: Leon Guinto St., Malate.

Jocano, F. L. (2001). *"Filipino Worldview: ethnography of local knowledge".* 2001. Lungsod Quezon: PUNLAD Research House, Inc., Diliman.

Liwanag, L. B. (2001). *"Mga hamon at direksyon sa pagtuturo ng Filipino sa ikatlong milenyum: punla sa lingguwistikang filipino, handog parangal kay Alfonso O. Santiago"*. 2001. Grandwater Publications and Research Corporation. Lungsod ng Makati: J.P Rizal St.

Lumbera, B. L. (2000). *"Writing the nation/pag-aakda ng bansa".* University of the Philippines Press. Lungsod Quezon: UP Diliman.

Mabaquiao, N. M. Jr. (2007). *"Globalisasyon, kultura, at kamalayang pilipino"*. MALAY. 2007 Tomo XIX. Blg. 3. Maynila: Pamantasang De La Salle.

Mahaguay, J. M. (2013). *"Ang Pilosopiya ng edukasyon para sa mga pilipino ayon kay emerita s. quito: isang pagsusuri".* Disertasyon. Maynila: Kolehiyo ng Malalayang Sining, Pamantasang De La Salle.

Mendoza, R. J. (2008). *"Ang kurikulum na filipino: saan patungo sa hamon ng globalisasyon".* MALAY. Tomo XX. Blg.2. Maynila: Pamantasang De La Salle.

Nuncio, E. M. (2004). *"Ang kritikal na pedagohiya tungo sa mapagpalayang pagsulat".* Sangandiwa: Araling Filipino Bilang Talastasang Pangkalinangan at Lapit-Pananaliksik. University of Santo Tomas Publishing House. Maynila: Espana.

Nuncio, E. M.. (2005). *"Mga talinghaga sa laylayan: ang mapagpalayang pedagohiya ng maikling pagsulat at antolohiya ng mga tula ng bukalsining".* University of Santo Tomas Publishing House. Maynila: Espana.

Quito, E. S. (1985). *"Pilosopiya ng edukasyon sa diwang filipino".* Malay. Journal of Humanities and Social Sciences, Volume 5, No.2. Maynila: Pamantasang De La Salle.1987. *Wikang Pambansa at Edukasyon*. Malay. Journal of Humanities and Social Sciences, Volume 5, No.2. Maynila: Pamantasang De La Salle.



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

Salazar, Z. A. (1991). "Ang pantayong pananaw bilang diskursong pangkabihasnan, *pilipinolohiya: kasaysayan, pilosopiya at pananaliksik*". Bautista, V. at R. Pe-Pua (mga ed.) Maynila: Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya.

San Juan, D. M. M. (2013). *"Kaisipang nasyonalista at teoryang dependensiya sa edukasyon: ideolohikal na kritik ng programang Kto12 ng Pilipinas".* 2013.Malay Tomo XXVI Blg. 1. Maynila: Pamantasang De La Salle.

Sepeda, B. N. (2012). *"Isang pagpapanibago ng edukasyon sa pilipinas batay sa isang makabayang pilosopiya".* MALAY Tomo XXIV Blg.2. Maynila: Pamantasang De La Salle.

Villanueva, V. M. (2013). *"Mungkahing gamit/paraan sa pagtuturo at pagkatuto upang alamin at suriin ang kakayahang umunawa".* DALUMAT: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Filipino. Tomo 4 Blg. 1 at 2. Numina Publications.

Yu, R. T. (2005). "*Tungo sa pagbuo ng filipinong diskursong pangkalinangan." filipino at pagpaplanong pangwika".* Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL. Sentro ng Wikang Filipino. Lungsod Quezon: UP Diliman



© 2022 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435